

Pagdiriwang ng Pride sa Brampton

BRAMPTON, ON (Hunyo 1, 2022) – Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Hunyo bilang Pride Month. Celebrate Pride 2022, na ipinipresenta ng TD, sa Garden Square sa Linggo, Hunyo 19 mula 2 hanggang 7 pm na may live entertainment, mga nagbebenta ng lokal na pagkain at marami pa.

Sumama sa Lungsod sa pagdiriwang sa diverse Mosaic ng Brampton, na kumukonekta sa komunidad at iniangat ang kamalayan ng kasalukuyang mga isyu na nahaharap pa rin ng komunidad ng LGBTTIQQ2SA, lalo na't may kaugnayan ito sa tema ng taon na ito *Ang Hustisya ay Saya*.

Ang Pride ay isang kinilala sa buong daigdig na kilusan na nagdiriwang sa kabutihan at pagmamalasakit, Ikinagagalak ng Brampton na makita ang pagbabalik ng personal na event na magtatampok ng:

- Mga live stage performance mula sa mga lokal na artist at DJ ng Brampton;
- Mga live stage performance nina Hasheel x Lady Pista at headliner Priyanka;
- Drag story time at meet and greet kasama sina Fay at Fluffy;
- Mga information booth mula sa mga lokal na partner sa komunidad;
- Mga partnership sa pagkain kasama ang lokal na mga restawran ng Downtown Brampton;
- Mga giveaways at on-site activation; at
- Isang after party sa The Rose Patio na nagtatampok kay Lady Pista mula 7 hanggang 9 pm.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Pride 2022, bisitahin ang brampton.ca/pride.

Mga Quote

“Nananabik ako sa pagbabalik ng ating personal na pagdiriwang ng Pride. May magagandang nakahanay na mga programa at performer tayo na handang mag-entertain, magdiwang at magpapalakas sa komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang Pride ay isang magandang pagkakataon para matuto tungkol sa, ipagdiwang at suportahan ang ating komunidad ng LGBTTIQQ2SA. Hinihikayat ko ang lahat na makibahagi sa personal na event sa taon na ito sa Hunyo 19.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagsuporta at pagdiriwang sa diverse na Mosaic nito. Ipinagsama-sama ng ating team ang isang masaya at maalalahaning programa ng event, at excited tayo na tanggapin ang lahat sa ating personal na Pride event.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca